

# CHAPTER *One*

*M*aaliwalas ang paligid at nasasalamin ang bughaw na kalangitan sa malawak na karagatan. Tanging hampas ng maliliit na alon sa pampang ang lumilikha ng ingay. Paulit-ulit na bumuntong-hininga si Aubrey. Sa mga sandaling iyon ay walang ibang laman ang isip niya kundi si Henry.

Pinulot niya ang maliit na bote na inihagis niya sa dagat. Ipinasok niya roon ang wedding ring niya na nakalimutan niyang ibalik kay Henry. Wala pang kalahating oras na naitapon niya iyon nang ibinalik ito ng alon sa kanya habang nakaupo siya sa buhangin.

Mahigit dalawang taon na ang nakalipas noong

nagdesisyon ang papa niya na ipakasal siya kay Henry, ang anak ng Korean national na kasosyo nito sa car auction business nito. Si Mr. Park ang may-ari ng pinakamalaking car and heavy equipment auction sa Korea at nagsu-supply sa maraming kompanya sa Pilipinas.

Sa Korea sila ikinasal noon ni Henry at tumira siya nang apat na buwan sa poder ng pamilya nito, subalit hindi siya komportable. Nineteen years old lang siya noon samantalang twenty naman si Henry. Bukod sa hindi siya masaya sa pagpapakasal, hindi rin niya gusto ang asawa. Nalaman niya na may ibang babaeng gustong pakasalan si Henry, kaya lalo siyang nadismaya.

Tatlong buwan pagkatapos ng kasal nila ay namatay dahil sa sakit sa puso ang daddy ni Henry. Ang Pinay nitong ina ay nagkasakit na rin kaya hindi na naisalba ang kompanya ng mga ito. Nag-iisang anak na lalaki si Henry ngunit wala itong interes sa kompanya ng tatay nito. Hindi na siya komportable kaya nagdesisyon siya na makipag-divorce kay Henry. Pumayag naman ito.

Umuwi siya sa Pilipinas noong malaman niyang nagkasakit ang papa niya. Unti-unti na ring bumabagsak ang sales ng kompanya nila

at nagsialisan na ang mga investors. Wala na siyang choice kundi ibenta ang kompanya upang maipagamot ang ama. Simula noong paralisado na ito ay mag-isa niyang itinaguyod ang sarili. Tinapos niya ang pag-aaral ng kursong *Hotel and Restaurant Management*. Nakapag-invest na rin siya ng negosyo sa edad na beinte-uno.

“Excuse me, ma’am, may sulat po kayo mula Korea,” sabi sa kanya ni Elaine, sekretarya niya sa kanyang beach resort and hotel business.

Tumayo siya at kinuha ang nakasobrang sulat.

*To: Mrs. Aubrey Park*

Naiinis siya. Pangatlong beses nang nagpadala sa kanya ang sender simula pa noong nakaraang taon. Malamang iyon din iyong sulat na ipinabalik niya noon. Nakadikit pa rin sa pangalan niya ang apelyido ni Henry. Ibinalik niya kay Elaine ang sobre na hindi pa nabubuksan.

“Ang kulit talaga. Pakibalik sa sender,” utos niya.

“Hindi n’yo po ba bubuksan muna?” anito.

“No need. Hindi ko naman kilala ang sender. Wala akong kilalang Kyun Jeon Lee sa Korea. Baka kung ano pa ang laman niyan.”

“Baka po importante ito kaya pilit pinapadala

sa 'yo. Hindi naman siguro masama kung buksan n'yo muna," pilit ni Elaine.

Wala talaga siyang ideya kung bakit siya pinapadalan ng sulat. Wala naman siyang atraso sa Korea. "Maraming manloloko sa mundo kaya kailangan nating mag-ingat. Basta ipadala mo ulit 'yan sa sender," giit ni Aubrey.

"Okay po." Umalis na lamang ang sekretarya.

Bumuntong-hininga siya. Pinagpag niya ang buhanging nakadikit sa kanyang hita. May isang oras na siyang tumatambay sa pampang simula nang lumitaw ang araw. Daily routine na niya ang pagtakbo tuwing umaga. Suot lamang niya ay ternong itim na underwear. Doon na rin siya naliligo sa dagat. Inilugay niya ang ga-baywang niyang buhok na alon-alon at pinakulayan niya ng mahogany brown. Pagkuwan ay lumusong na siya sa tubig at lumangoy.

Nang mapansing dumarami na ang mga naliligo ay umahon na siya. Kinuha niya ang bote na pinaglagyan niya sa singsing saka binitbit pabalik sa kanyang resort. Naisip niyang itapon iyon para mapulot ng masuwerteng tao. Maaari pa iyong makatulong sa nangangailangan ng pera. Halatang mahal ang singsing dahil gawa sa twenty-four karat

na ginto at diamond ang bato sa tuktok. Naisip niya na ibenta na lamang iyon at ang pera ay ipamimigay sa mga kapos-palad.

Nagising na rin ang ibang guests nilang foreigners at naliligo na sa Olympic pool na nasasakop ng resort niya. Sinusundan siya ng tingin ng mga ito habang naglalakad siya sa gilid ng pool. Hindi siya nagpapahalata na siya ang may-ari ng resort. Kapag kulang sila sa staff ay nagtatrabaho rin siya katulad ng mga empleyado niya. Nagpapakilala siyang manager lamang ng resort, maliban na lamang sa mga kaibigan at business friends niya. Strategy niya iyon para makaiwas sa mga mapagsamantalang tao. Naglipana kasi ang kaso ng extortion na ang karaniwang biktima ay mga resort owners.

Dating resthouse ng pamilya niya ang isang ektaryang lupain na iyon sa Subic, Zambales. Noong naibenta ang auction company ng papa niya ay ginamit niya ang ibang pera sa pagpapagawa ng resort. Kailangan niyang mai-invest ang pera bago tuluyang maubos. Nasa bangko ang ibang pera niya na siyang pantustos sa gamot ng paralisado niyang ama. Nag-hire na rin siya ng caregiver para mag-alaga sa papa niya habang busy siya.

Limang taon siya noong namatay ang mama niya dahil sa malalang sakit sa kidney. Wala siyang kapatid; hindi na rin nag-asawa ulit ang papa niya.



Natutuwa si Aubrey dahil tuluyan nang nagsara ang kakumpitensya niyang resort na katabi lang ng resort niya. Namatay na raw ang Korean national na may-ari niyon. Pero ang sabi ni Elaine, ibinibenta raw ng asawa nito iyong property. Gusto sana niyang bilhin pero nanghihinayang siya sa pera. Maganda naman ang income ng resort niya at lalo pang lumakas simula noong nag-offer na rin sila ng accommodation para sa mga conference meeting at seminars. Mayroon nang eighty-seven rooms ang hotel niya.

Balak niyang mag-register para sa star rating. Malakas ang tiwala niya na makakapasa sila sa star rating standard ng *Department of Tourism*. Patuloy pa rin naman ang pagpapa-develop niya sa mga pasilidad, lalo na't palapit na ang peak season.

Pagkalipas ng dalawang linggo, abala si Aubrey sa pagtulong sa pag-aayos ng wedding reception sa beach area. Inabot na sila ng dilim sa pag-aayos. Naroon din ang events coordinator nilang si Andy, isang transgender na kaklase niya noong college.

“Girl, akala ko ba closed na ang kalaban mong resort?” sabi nito.

“Closed naman talaga,” sagot niya, habang nag-aayos sila ng mga bulaklak.

“Eh, bakit may mga gumagamit pa sa cottages nila?”

Tumingin siya sa beach area ng kalabang resort. Mayroon ngang mga dayuhan na umuukupa sa open cottage ng resort. Napansin din niya ang on-going construction sa harap ng tatlong palapag na hotel malapit sa beach. Tatlong araw kasi siyang wala dahil ipinasyal niya ang papa niya sa Palawan para sa pagdiriwang ng sixtieth birthday nito.

“Baka may nakabili na,” sabi na lamang ni Aubrey.

“Ang bilis naman nilang nakahanap ng buyer. Mukhang foreigner din ang nakabili kasi tingnan mo, may pinapagawa nang bagong facilities,” komento ng kaibigan.

Hindi na lamang siya kumibo. Confident siya na hindi basta matatalo ang resort niya dahil kilala na ang pangalan ng resort at dinadayo ng mga turista. Nagsi-serve din ng international cuisines ang kanyang restaurant at wala pa naman siyang natanggap na negative feedback mula sa mga

customer.

Kinabukasan, pagkatapos ng wedding events sa resort ay tumambay siya sa bakanteng cottage sa tapat ng beach front bar. Pasimpleng nakamasid siya sa beach area ng kalabang resort. Nagtataka siya kung bakit ang daming tao at lalo pang dumami habang papalapit ang gabi. Napansin ni Aubrey na mayroong nagsi-set up ng mini-stage sa tapat ng bar ng resort. Napansin din niya ang ibang guests nila na pumupunta sa kabila.

Hindi siya mapakali. Pumasok siya sa hotel room na exclusive lang sa kanya. Nagbihis siya ng Hawaiian short pants at blouse. Isinuot niya ang kanyang eyeglasses. Pagkuwan ay nagtungo si Aubrey sa beach ng kalabang resort at nakiusyoso. Dala niya ang kanyang cellphone para makunan ng litrato ang kaganapan. Nakita niya ang nakasabit na banner sa gilid ng ginawang stage at nakaimprenta ang mukha ng sikat na banda at lalaking solo singer.

Mayamaya pa ay nagkakagulo na ang mga naghihintay na audience. May mga gumagala ring waiter na may dalang mga inumin. Marami ring nakapila sa barbecue stand na nag-o-offer ng eat-all-you-can grill and barbecue. Hindi mahulugang karayom ang dami ng mga tao.



Makalipas ang halos isang oras na paghihintay ay dumating na ang sikat na banda at nagsimulang tumugtog sa entablado. Nakikisabay sa indak ng tugtog ang mga tao. Curious na talaga si Aubrey kung sino ang nakabili ng resort na iyon.

Kinabukasan, kinausap niya si Elaine sa opisina niya at inalam ang detalye tungkol sa kalabang resort.

“Half-Korean, half-Filipino raw po ang nakabili ng resort. Mukhang galante ang nakabili dahil nakapag-hire kaagad ng sikat na banda at singer. Balita ko, every Saturday and Sunday night ay mayroong live band at guest na artista. Magbubukas din daw ng floating bar and restaurant ang resort. Nababahala nga po ako. Baka humina na ang income natin dahil sa kanila,” balita ni Elaine.

Nag-init ang bunbunan ni Aubrey. “Ano ka ba! Nagsisimula pa lang sila. Bakit ka ba natatakot?” aniya.

“Nakaka-insecure lang po kasi. Isa pa sa binabalikan ng mga guest nila ay magaganda at guwapo raw ang mga staff d’un.”

“Tumigil ka nga!” Marahas siyang tumayo.

“Sorry,” naiilang na sabi ni Elaine.

“Ano ba ang pangalan ngayon ng resort?”

pagkuwan ay tanong niya.

“*Ocean Paradise* na ngayon,” sagot ni Elaine.

Lalo siyang nainis. Halos kapareho pa sa pangalan ng resort niya na ‘*Seaside Paradise*.’

“Nang-aasar ’ata ang may-ari, ah. Bakit nakalusot iyon sa *BIR*?” reklamo ng dalaga.

“Puwede naman po basta hindi totally pareho.”

“Kainis! Nag-o-offer ba sila ng Korean food?” usisa pa niya.

“Opo. Nabasa ko nga po sa *Facebook* page nila ang feedback ng mga guest nila. Puro positive po.”

Umismid si Aubrey. “Hayaan mo sila. Mag-focus tayo sa business natin. Mag-isip tayo ng pakulo para dumami pa ang guests natin. May suggestion ka ba?” sabi niya.

“Uh, what about snorkeling, scuba diving, and yacht for rent?” suhesyon nito.

“Masyadong expensive ang yate. Saka na ’yan, hindi ko afford. Okay sa akin ang mga naunang suhesyon mo. Actually, may mga nabili akong gamit para sa scuba diving. Ilista mo lahat ng iba pang kailangan para mabili ko kaagad at mag-hire ka ng instructors at additional lifeguards,” aniya.

“Okay. Ibalik na rin kaya natin ang live band every Saturday?”

“Hmm. Pag-iisipan ko.”

“Sige. Maiwan ko na muna kayo.” Umalis na si Elaine.

Umiikot pa rin ang isip ni Aubrey sa kalabang resort.

Kahit anong pakulo ang idinagdag niya sa kanyang resort ay nakalalamang pa rin ang kalaban niyang resort. Ang sinabi pa ng espiya niya na nagpapanggap na guest sa kalabang resort, nahakot na rin ng mga ito ang ibang regular guest nila. Namumuro na talaga sa kanya ang kalaban. Hindi puwedeng manahimik na lang siya. Ang dami na niyang sakripisyo at hirap para lang maiangat ang kanyang negosyo.

Linggo ng umaga. Pagkatapos mag-jogging ay nagbihis ng skinny black jeans si Aubrey at puting blouse. Tinirintas niya ang buhok at nagsuot siya ng sunglasses at three-inch red sandals. Mahilig siya sa sandals na may matataas na takong sa kagustuhan niyang madagdagan ang height niya na five feet flat lang. Kahit walking distance lang ang *Ocean Paradise* ay ginamit niya pa rin ang kanyang pulang *Toyota Innova*.

Pagpasok sa gate ay may lalaking lumapit sa kanya at in-assist siya sa parking lot. Pagkuwan

ay dumerecho siya sa restaurant. Nagpanggap siyang ahente ng hotel accessories. Dinala niya ang brochure na pinahiram sa kanya ng kaibigan niyang ahente. Naisip niyang alukin ng produkto ang may-ari ng resort para makilala niya ito. Inokupa niya ang mesa malapit sa bar counter. Binuklat niya ang menu book na nakapatong sa mesa. May lumapit naman kaagad na guwapong waiter.

“Good morning, ma’am! May I take your order?” nakangiting tanong nito.

“I want plain rice, grilled tuna belly, and seaweed soup,” sagot niya.

“What would you like to drink, ma’am?”

“Just give me iced water.”

“Okay, ma’am.” Umalis na ang waiter.

Habang naghihintay ng order ay iginala niya ang paningin sa paligid. Mas maluwag ang dining area ng restaurant na iyon kumpara sa restaurant niya. Mula sa puwesto niya ay tanaw ang lobby at ang front office. Napansin niya ang lalaking nakasuot ng abuhing tuxedo na lumapit sa frontdesk at kumausap sa babaeng clerk.

Kumurap-kurap siya. Pamilyar sa kanya ang bulto ng matangkad na lalaki na nasa 5’11” ang taas, maputi, at barber’s cut ang buhok. Hinihintay

niyang pumuhit ito paharap sa kanya ngunit biglang dumating ang order niya.

“Thank you,” sabi ni Aubrey sa waiter.

Nang tumingin siya uli sa frontdesk ay wala na roon ang lalaki. Ikiniling niya ang ulo. Impossible ang iniisip niya. Bakit naman pupunta ng Pilipinas si Henry?

Itinuloy niya ang kanyang plano. Kailangan niyang malaman kung sino ang bagong may-ari ng resort na iyon. Inilabas niya ang brochure. Aalis na sana ang waiter nang pigilan niya ito.

“Uh... pogi, nandito ba ang boss mo?” tanong ni Aubrey.

“Wala po, ma’am. Manager lang po ang narito,” tugon nito.

“Gan’un ba? Kailan available ang boss mo? Ahente kasi ako ng mga hotel accessories. Baka gusto niyang bumili,” sabi niya.

“Mas mabuti po siguro kung ang manager na lang ang kausapin ninyo tungkol diyan para siya po ang mag-inform sa boss namin.”

“Nasaan ba ang manager ninyo?”

“Sandali lang po, tatawagin ko.” Sandaling iniwan siya nito.

Nakatatlong subo pa lamang si Aubrey ng

pagkain ay nakabalik na ang waiter.

“Narito na po si manager, ma’am,” nakangiting anang waiter saka ito umalis.

Napako ang paningin ni Aubrey sa lalaking lumapit sa kanya. Napamulagat siya. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig nang makita ang manager na tinutukoy ng waiter. Suot nito ang abuhing tuxedo, itim na pantalon, makintab na itim na sapatos. Maputi ito, malapad ang pangangatawan, matangkad, barber’s cut ang buhok. Katamtaman ang singkit ng mga mata nito, matangos ang ilong na makitid, at mapupula ang mga labi na katamtaman ang nipis.

Napakalamig sa dining area pero para siyang idinarang sa apoy dahil sa tensyong nararamdaman niya.

Hindi. Hindi ito totoo.

Ano naman ang ginagawa ni Henry Park sa lugar na iyon? Idinadalangin niya na nagkamali siya ng iniisip na ito ang manager. Imposible.

## CHAPTER *Two*

“*G*ood morning, ma’am! What can I do for you?” nakangiting bati sa kanya ni Henry. Pakiramdam ni Aubrey ay bumara sa lalamunan ang kinain niya. Hirap siyang lumunok. Dahil sa pagkataranta ay nakalimutan na niya ang linyang sasabihin sana bilang ahente. Tulalang nakatitig lang siya sa guwapong mukha ng lalaki.

Hindi niya naa-appreciate ang hitsura nito noon dahil sobrang payat nito. Pero sa pagkakataong iyon ay para siyang nakakakita ng sikat na Korean actor. Nag-mature lalo si Henry.

Hinila nito ang silyang katapat niya saka umupo roon. Hindi siya nakahuma nang kunin nito ang

brochure at tiningnan ang laman.

“Ahente ka raw ng hotel accessories. Hindi ko alam na interesado ka pala sa ganitong trabaho. Hindi kita kaagad nakilala. Kumusta ka na?” saad nito saka matamang tumitig sa kanya.

Naging uneasy si Aubrey. Marahas na binawi niya rito ang brochure. “I think you’re not the right person to talk about my product,” aniya.

“Why not? I’m the manager. I’m authorized to decide for the hotel’s need.”

“That’s impossible. Isang piloto ang hahawak ng isang hotel business? Are you kidding?”

Tumawa nang pagak si Henry. “Masyado mo naman yatang minamaliit ang kakayahan ko. Well, that’s because you never bothered to know my passion and hobbies before. You’re just always looking for my mistakes. Am I right, my dear wife?”

Naiinis si Aubrey. “Excuse me?” Dumukot siya ng pera sa wallet at ibibigay sana kay Henry, bilang bayad sa kinain niya.

Nagulat siya nang hawakan nito ang kamay niyang may hawak sa pera saka pilit ibinalik sa kanya.

“I’ll pay for your meal. About the hotel accessories, I’m not interested. But I want to invite



you to stay here until night. Merong singer na magpe-perform mamaya. Sagot ko na ang entrance mo,” saad nito.

“No, thanks. I have to go,” mariing tanggi ng babae saka tumayo.

Nagmamadali siyang umalis. Pagdating sa garahe ay dagli siyang lumapit sa kanyang kotse. Bubuksan na sana niya ang pinto sa driver’s side nang biglang may nagsalita.

“Hindi ka pa rin pala nagbabago. Ma-pride ka pa rin,” anang pamilyar na tinig ng lalaki mula sa kanyang likuran.

Marahas niya itong hinarap. Nakatayo roon si Henry habang nakapamulsa ang mga kamay sa pantalon.

“So, what?” mataray na turan niya.

Ngumisi ito. “But I missed your human nature. When I’m alone, you always crossed my mind. I just remember everything about you. I never knew what I had until I lost it. Until I lost you,” seryosong pahayag nito.

Tumahip nang husto ang dibdib ni Aubrey. Pilit niyang iniiba ang usapan. “Curious lang ako. Ano naman ang nakain mo at napadpad ka rito at nagtatrabaho sa isang hindi kilalang resort? Manager

pa talaga, ah? Ano naman ang alam ng isang piloto sa pamamahala ng isang hotel business? Ni hindi ka nga nagkainteres sa kompanya ninyo,” uyam niya habang nakatikwas ang isang kilay.

“I just find this job interesting.”

Tumawa si Aubrey nang pagak. “Dito mo pa talaga naisip magtrabaho sa Pilipinas, ah? Naghihirap na ba ang Korea?”

“Dito sa lugar na ito ako lumaki at namulat sa reyalidad, kaya gusto ko na dito ako bubuo ng pamilya,” seryosong sagot ni Henry.

“O, talaga? Napakaliit talaga ng mundo, hay.” Pinaypayan niya ang mukha niya gamit ang kamay.

“Tama ka, napakaliit talaga ng mundo. I’m glad to see you, again, Aubrey,” nakangiting turan nito.

Lumabi siya. “Uh... bakit bigla ka ’atang umuwi ng Pilipinas? Minamaliit mo yata ang suweldo ng isang piloto.”

Ngumiti si Henry. “Alam mo kung gaano ko kamahal ang trabahong iyon, Aubrey. Pero wala akong choice. I just love my parents that’s why I quit my job and focused on business.”

Napatda siya. May kung anong kumukurot sa puso niya. Alam niya kung gaano kahalaga kay Henry ang trabaho nito. Marami siyang gustong

malaman sa lalaki pero pinigil siya ng kontrabida niyang isip.

“Naku! May pupuntahan pa pala ako. Maiwan na kita,” alibi ni Aubrey saka sumakay sa kanyang kotse at binuhay ang makina.

Umalis naman si Henry sa driveway. Nagmaniobra siya. Habang palabas ng gate ay napatingin siya sa side mirror. Namataan niya ang dating asawa na nakatayo pa rin sa garahe habang tinatanaw siya papaalis. Bigla na lamang dumapo sa isip niya ang ilang hibla ng nakaraan noong magkasama pa sila ni Henry.

*“I hate spicy food,” reklamo ni Aubrey habang kumakain sila ni Henry sa bahay ng lola nito.*

*“Me, too, but we don’t have choice. My grandparents love spicy food, even my dad,” sagot nito.*

*“Eh, bakit ayaw mo ng spicy?”*

*“Hindi naman ako lumaki sa Korea at hindi ako nasanay sa maaanghang. Mas gusto ko ang pagkaing Pinoy. Come on, let’s eat. Huwag kang magpahalata kay Lola na hindi ka komportable sa akin. Magagalit siya sa akin.”*

*“Huwag ka na ngang magkunwaring masaya ka sa married life mo, Henry. Alam kong napipilitan ka lang pakisamahan ako,” aniya.*

*Hindi umimik ang kaharap. Kumain na ito.*

*“Huwag na lang nating pilitin ang isa’t isa, Henry. Nakakapagod,”* sabi pa ni Aubrey.

*Matamang tumitig ito sa kanya. “And why not? Kasal na tayo, hindi na magbabago ’yon.”*

*“Gusto ko ng divorce.”*

*Napansin niya ang mariing pagtagis ng bagang ng asawa. “No,” mariing tanggi nito.*

*“Wala rin naman ’tong patutunguhan, eh.”*

*“You can’t say that. Nagsisimula pa lang tayo bilang mag-asawa. Kumain ka na,”* kaswal na sabi ng lalaki saka nagpatuloy sa pagsubo.

Hindi na lang siya kumibo. Naisip ni Aubrey, baka may magaganda pang mangyayari sa susunod na mga araw sa piling ni Henry.

Ilang beses binanggit noon ni Aubrey kay Henry ang divorce pero deadma ito. Pero noong hindi na siya nakatiis, pinilit na niya ito. Pumayag naman ang asawa.

Magmula noong umalis siya sa poder ni Henry ay wala na siyang balita tungkol dito. Sinadya niyang putulin ang lahat ng komunikasyon niya rito. Hindi niya inasahan ang pagsulpot ng lalaki. Nag-iwan iyon ng malaking katanungan sa kanyang isip.

Pagdating ni Aubrey sa resort niya ay dumerecho

siya sa kanyang opisina. Nagulat siya nang madatnan doon si Adrian, na prenteng nakaupo sa kanyang swivel chair. May nakapatong na pumpon ng rosas sa ibabaw ng mesa.

“Ang tagal mo naman. Saan ka ba nagpunta?” naiinip na tanong nito saka tumayo at humakbang palapit sa kanya.

“May pinuntahan lang akong kaibigan,” sagot niya na nilagpasan ito.

“Hey! Sino’ng kaibigan?” Sinundan siya ng binata.

“Bagong kaibigan.”

“Talaga? Dapat makilala ko siya. Sandali. Hindi mo ba ako na-miss? Nasaan ang welcome kiss ko?”

Hinarap niya ito at hinalikan sa pisngi. Pagkuwan ay umupo siya sa harap ng mesa niya at inilipat ang bouquet ng bulaklak sa isa pang silya.

“Gan’on lang ’yon? Napakawalang-kuwentang halik,” reklamo ng nobyo.

“Busy ako ngayon, Adrian. Sana tumawag ka muna bago ka pumunta rito. Next time na lang tayo lumabas.” Binuksan niya ang kanyang laptop.

“Ano ba ang problema mo?”

“Wala akong problema maliban sa nakakainis na surprised visit mo sa akin ngayong araw.”

Tumawa nang pagak ang lalaki. “Alam mo, kung ibang lalaki lang ako, malamang nasaktan na ako dahil sa pinagsasasabi mo. Mabuti na lang, kabisado na kita. Anyway, how’s your business?”

“Okay naman,” tipid niyang sagot.

Anim na buwan na niyang kasintahan si Adrian. Bago niya sinagot ay naging kaibigan niya ito. Schoolmate niya ito noong college sa parehong kurso. Nagkita sila ulit sa isang tourism seminar na ginanap sa Cebu. Guwapo ito, matangkad nang dalawang dangkal sa kanya, moreno, at matipuno. Napakabuti nitong lalaki. Tinanggap nito ang nakaraan ni Aubrey at ang pagkatao niya. Ito rin ang tumulong sa kanya para makilala ang kanyang resort. Nakabili ito ng property sa Subic para sa resthouse nito.

Isang taon na itong nagtatrabaho bilang chef sa isang international cruise ship. Marami na rin itong investments. Katunayan, nakapag-invest na rin ito ng beach resort sa Palawan at Cebu.

Ulilang lubos na Adrian. Ang nakatatanda nitong kapatid na babae ay nurse sa Australia at nakapag-asawa na roon. Isang beses sa loob ng tatlong buwan lamang nakakauwi ang nobyo.

“Hindi ka na ’ata nag-o-online sa *Facebook*. Ano

ba'ng pinagkakaabalahan mo?" usisa ni Adrian. Nakaupo na ito sa silya sa tapat niya. Ito rin ang kumakain ng chocolate na dala nito.

"Busy ako sa pagpapalano para sa scuba diving at snorkeling."

"Aba, mabuti meron nang scuba diving at snorkeling. Mukhang kailangan mo rin ng yate. Hindi puwedeng bangka lang ang sasakyan ng mga divers papunta sa diving site."

"Saka na ako bibili ng yate kapag na-reach ng resort ang one million net income sa loob ng isang buwan."

"Kaya ba ng resort mo?"

"Nangyari iyon noong grand opening, Pasko, at Bagong Taon, kaya dapat mangyari ngayong peak season. Nagbukas pa kasi ang kabilang resort," maktol ni Aubrey.

"May problema ka ba sa kabilang resort?"

"Oo. Simula noong nag-reopen sila, bumaba na ang income ng resort ko," naiinis na sabi niya.

"Sa palagay ko, hindi sila ang problema."

Tiningnan niya nang masama si Adrian. "Sino sa palagay mo?" usig niya.

"Itong resort mo mismo. Ang business kasi, parang sugal din. Manalo-matalo ka rito. Kung hindi

ka marunong maglaro, babagsak ka na parang ibon na naputulan ng pakpak. Kailangang mahaba ang pasensya mo at higit sa lahat, marunong ka dapat makisabay sa agos. Huwag mong paiiralin ang insecurities mo. Sa halip na ma-insecure, dapat ma-inspire ka pa dahil mayroon kang kakompetensya. Boring ang business kung walang kakompetensya.”

“So ano’ng gusto mong gawin ko? Pipigain ko ang bulsa ko para maglabas ng pera at nang mapantayan ang luho ng kalaban?” aniya.

“That’s not what I mean to say, babe. Maging praktikal ka at creative. Mag-isip ka ng mga pakulo na patok pero hindi masyadong magastos.”

“Katulad ng ano?”

“Magbigay ka ng discounts, coupon, promo package. O kaya mag-open ka ng sports facilities. Mga larong bagay naman sa tema ng resort mo, katulad ng volleyball, basketball, billiards, etc. Don’t worry, I’m here to help you,” sabi nito.

Bumuga ang babae ng mabigat na hangin. Ang totoo, ang dami na niyang naisip na pakulo. Ang iba ay nasimulan na niya pero hindi pa rin umuubra.

“Salamat, babe. Kaya ko naman ito. Alam kong masyado ka nang maraming iniisip.”

Ginagap ni Adrian ang kamay niya na may



hawak sa mouse. Matamang tinitigan niya ito. Nakangiting nakatitig ang nobyo sa kanya.

“Babe, ikaw ang nagpapasaya sa akin. Ikaw ang dahilan kaya ako nagigising sa umaga. Ang lahat ng ginagawa ko ay para sa ’yo. Anuman ang problema mo, dapat kasama mo ako sa pagresolba n’un. Okay?”

“Okay.” Ngumiti siya.



Katulad ng nakasanayan, sa tuwing nagbabakasyon si Adrian ay doon ito naglalagi sa resort ni Aubrey. Tinutulungan siya nito sa operations ng resort. Ang alam nga ng ibang regular guest, ang binata ang may-ari ng resort. Kapag naroon kasi si Aubrey ay ginagawa din niya ang trabaho ng mga empleyado niya—naglilinis siya ng rooms, nagiging waitress, cook, receptionist, at minsan pati internal security, kaya sino ang mag-aakalang siya ang may-ari? Pero ang ginagawa niyang multi-tasking job ay hindi niya pinapagawa sa mga empleyado. Iyon ang payo ng daddy niya sa kanya.

*“Anak, dapat alam mo rin ang trabaho ng mga empleyado mo, nang sa gayun ay maiintindihan mo sila at mas magugustuhan ka rin nila. Ang*

*mabuting amo, minamahal ng kanyang empleyado. Dapat humble kang negosyante para tuluy-tuloy ang pasok ng suwerte sa kompanya mo. Mahalin mo ang mga empleyado mo, dahil kung wala sila, hindi tatayo mag-isa ang negosyo mo. Tandaan mo, walang nabubuhay sa isang isla nang mag-isa.”* Iyon ang sabi ng kanyang ama na hinding-hindi niya makakalimutan.

Lunes ng umaga. Alas cinco pa lamang ng umaga ay tumatakbo na si Aubrey sa dalampasigan, suot ang itim na cycling shorts at fitted sleeveless shirt na itim din. Wala siyang sapin sa paa. Pinag-isang bungkos niya ang buhok niya, naka-pony nang mataas. Pagdating niya sa tapat ng kalabang resort ay huminto siya at doon nagbanat ng kasu-kasuan.

Natigilan siya nang mula sa kinatatayuan ay natatanaw niya si Henry na nakatayo sa verandah ng hotel room sa ikalawang palapag. Tanging puting roba ang suot nito. Palakad-lakad ito habang may kausap sa cellphone. Nang huminto ito at tumingin sa direksyon niya ay nagpatuloy siya sa pagbabanat ng mga braso habang nakaharap dito. Hindi naman ito ganoon kalayo kaya imposibleng hindi siya nito nakilala. Malamang hindi pa nito alam na siya ang may-ari ng kalaban nitong resort. Bahala itong

mag-isip kung bakit siya naroon. Hindi naman trespassing ang ginawa niya dahil sa beach siya dumaan.

Nang mapagod ay lumuklok si Aubrey sa mesa ng umbrella hut. Nang sulyapan niya ulit si Henry ay wala na ito sa verandah. Tumambay lang siya roon habang hinihintay na tumaas ang araw.

Makalipas ang ilang sandali ay may lalaking lumapit sa kanya. May dala itong serving tray na may lamang tasa.

“Good morning, Mrs. Park!” nakangiting bati ng lalaki. Nakasuot ito ng Hawaiian short pants at polo.

Mariing kumunot ang noo niya. “Ako ba ang tinawag mong Mrs. Park?” untag niya habang itinuturo ang sarili.

“Yes, ma’am. May nagpapabigay lang po sa inyo nitong hot chocolate,” anito.

“Uh... hindi ako si Mrs. Park. Sino ang nagpapabigay?” siguristang tanong niya.

“Hindi ko raw po puwedeng sabihin. Huwag po kayong mag-alala, Mrs. Park, mabait po ang nagpapabigay nito. Baka daw ho kasi giniginaw na kayo.”

Tuluyang uminit ang ulo ni Aubrey. Marahas siyang tumayo. “S’abing hindi ako si Mrs. Park, eh!

Single pa ako, mister!” hasik niya.

Hindi naman nasindak ang lalaki. “Pasensya na ho. Kung ayaw po ninyong tawagin ko kayong Mrs. Park, Miss Aubrey na lang po,” anito.

Nagtagis ang bagang niya. “Fine! Pero hindi ko iinumina ang chocolate na iyan hangga’t hindi mo sinasabi sa akin kung sino ang nagpapabigay. Baka mamaya may lason pa iyan,” palatak niya.

“Naku, wala po. Pasensya na, napag-utusan lang.”

“Sandali. Sabihin mo muna kung sino ang—”

“Ako ang nagbigay. May problema ba, Mrs. Park?” Tinig ng pamilyar na lalaki ang pumutol sa pagsasalita niya.

Umalis na lamang ang waiter. Ganoon na lamang ang tahip ng kanyang dibdib nang makita si Henry na biglang sumulpot sa likuran niya.

## CHAPTER *Three*

“Naliligaw ka ’ata rito, Mrs. Park,” kaswal na bati ni Henry kay Aubrey.

Lalong nag-init ang bumbunan ni Aubrey dahil sa paggiit ni Henry ng apelyido nito sa kanya.

Namaywang siya. “Una, hindi ako naliligaw. Naka-check-in ako sa *Seaside Paradise*. Pangalawa, hindi ako si Mrs. Park, I’m Miss Aubrey Castro. Maliwanag ba?” mariing sabi niya.

Pilyong ngumiti si Henry. “Fine. Nasanay lang kasi ako na ikaw ang asawa ko. Mahirap palang masanay sa taong madalas mong kasama. You don’t know how much I missed you, Aubrey,” sagot nito.

Bigla na lamang sumikdo ang kanyang puso,

bagay na hindi niya inaasahan. Taas-noong tinitigan niya si Henry.

“Excuse the word ‘asawa.’ I’m not your wife anymore. Huwag kang magkunwaring apektado sa pag-alis ko dahil napakaimposible n’un,” giit niya.

“Okay. Inumin mo muna ang hot chocolate. Ako ang nagtimpla niyan. Kaunti lang ang sugar niyan. Alam kong ayaw mong magkasakit ng diabetes. Anyway, regular job mo ba ang pagiging ahente ng hotel accessories?” anito.

“Sideline ko lang ’yon. Sandali, bakit mo ba ako binibigyan ng hot chocolate?”

Tumawa ito nang pagak. “Porke ba hindi na kita asawa, hindi na rin kita puwedeng bigyan ng hot chocolate?”

Bumuntong-hininga si Aubrey. “Well, thanks,” sabi na lamang niya.

“Kumusta naman ang buhay mo ngayon? Nabalitaan ko, nag-close na ang auction ng papa mo.”

“Hindi iyon nag-close, ibinenta lang. Hindi na ako magtatagal; inabutan lang naman ako ng pagod dito kaya ako napatambay rito.” Aalis na sana siya, ngunit hinarang siya ng lalaki.

“Wait. Before you leave, please drink the

chocolate, first.” Ito na ang kumuha sa tasa ng mainit na tsokolate saka ibinigay sa kanya.

*Hindi naman siguro ako lalasinin nito.* Kinuha niya ang inumin at dahan-dahang sinimsim.

“Maupo ka kaya muna,” aya ni Henry.

“Uh, hindi na.”

“Uupo ka o iisipin kong iniwasan mo ako?”

“Bakit naman kita iiwasan? Wala naman akong atraso sa ‘yo,” aniya.

“Kaya nga, maupo ka muna. Mag-uusap tayo.”

“Wala tayong dapat pag-usapan.”

“Meron. Maupo muna kasi tayo. Importante ang pag-uusapan natin.”

Hindi na siya nagmatigas. Subalit kauupo pa lamang niya ay namataan na niya si Adrian na tumatakbo patungo sa kinaroroonan nila. Inilapag niya ang tasa sa mesa saka tumayo muli.

“Babe!” tawag sa kanya ng nobyo.

Napatingin din si Henry sa bagong dating. “Sino siya?” curious na tanong nito.

“Boyfriend ko. Maiwan na kita. Salamat sa chocolate,” natatarantang sabi niya saka niya sinalubong si Adrian.

“Sino ‘yong kausap mo?” tanong ng binata nang malapitan niya ito.

“Ahm, guest sa kabilang resort. May itinanong lang siya sa akin,” palusot ni Aubrey. Sinimulan na niyang tumakbo nang mahinhin kasabay ang kasintahan.

“Ang aga mong nagising. S’abi ko naman sa ’yo, gisingin mo ako para sabay tayong mag-jogging. Ano’ng gusto mong breakfast? Ipagluluto kita,” ani Adrian.

“Ang sweet naman. Gusto ko ng buttered chicken at garlic rice with scrambled egg,” sabi niya.

“Ang heavy naman ng breakfast mo. Akala ko ba nagda-diet ka?”

“Paano ako magda-diet? Magaling na chef ang boyfriend ko. Sige na, ngayon lang naman dahil nandito ka.”

“O sige. Bukas sandwich lang dapat ang breakfast mo.”

“Okay. Mag-swimming tayo.”

“Sige. Maganda ang sikat ng araw ngayon.”

Naglaro-laro muna sila sa buhanginan, bago naligo.



“Kumusta ang papa mo?” tanong ni Adrian habang magkasalo sila sa almusal.

“Kahit p’ano ay nakaka-recover siya. May



naibibigkas na siyang salita. Last week nga ay sa Palawan kami nag-celebrate ng birthday niya,” kuwento ni Aubrey.

“Teka, bakit hindi mo sinabi? Sana doon kayo sa resort ko at nailibre pa kayo.”

“Hindi na kailangan. Ang dami ko nang utang sa ’yo,” nakangiting wika ng babae.

“Natural, girlfriend kita. Hindi magtatagal ay ikaw din ang makikinabang sa lahat ng meron ako.”

Tumabang ang ngiti ni Aubrey. “Huwag ka ngang magbiro riyan,” naiilang na sabi niya.

“Hindi ako nagbibiro.” May dinukot si Adrian sa bulsa ng pantalon nito.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang makita ang pulang kahita na inilabas ng binata. Binuksan nito iyon. Napalunok siya nang makita ang magarang singsing. Pagkuwan, hinawakan nito ang kanyang kaliwang kamay.

“Aubrey, since I found you, I realized that life is more beautiful and meaningful. I can’t wait to have you mine for my entire life. Will you marry me?” masuyong pahayag ng kaharap.

Parang nabulunan ang dalaga at hindi niya kaagad maibuka ang bibig. Ngunit habang nakatitig sa mga mata ni Adrian ay biglang naliwanagan ang

isip niya. Kay tagal niyang hinintay na maikasal sa lalaking mahal niya.

“Adrian, you never failed to inspire me and you are the reason why I’m strong. You’re everything to me. Of course, I will marry you. I love you,” mangiyak-ngiyak na sagot niya.

“God! Oh, God! Thank you, babe! I love you, too!” Isinuot nito ang singsing sa kanyang palasingsingan saka sila tumayo.

Kinuha ni Adrian ang atensyon ng mga kumakain. “Good morning, everyone! I would like to announce that today, me and my girlfriend are now engaged!” anunsyo nito.

“Wow! Congrats, both of you. May God bless you,” anang isang lalaki na nakaupo malapit sa kanila.

Nagpalakpakan ang mga tao. Pati mga empleyado ay nakiusyuso at bumabati. Hindi niya ine-expect na biglang magpo-propose si Adrian, pero masaya siya at excited.

Pagkatapos ng sorpresang marriage proposal, namasyal sila sa siyudad at kumain sa restaurant. Hindi pa nila napagkasunduan kung kailan ang opisyal na petsa ng kasal. Kailangan pang sumampa ulit ni Adrian sa barko, pero nangako itong aayusin

na ang papeles nila after three months pagbalik ulit nito.



Isang linggo ang lumipas. Hindi na sumama si Aubrey kay Adrian sa Palawan dahil kailangan niyang tutukan ang resort niya. Isang linggo raw muna magmo-monitor ng business nito si Adrian bago muling sasakay ng barko.

Pinagmamasdan ni Aubrey ang singsing na suot niya habang nakaupo siya sa swivel chair ng kanyang opisina. White gold ang singsing at mayroong diamond sa tuktok.

Habang nakatitig siya sa singsing ay biglang dumapo sa kanyang isip si Henry, na minsan ding sinuotan ng magarang singsing ang palasingsingan niya.

*“I, Henry Park, take you, Aubrey Castro, to be my wife, to have and to hold from this day forward, for better, for worse, for richer, for poorer, in sickness and in health, to love and to cherish, till death us do part,”* naalala niyang pangako ni Henry noong ikinasal sila.

Noon lamang niya naisip na hindi sa lahat ng pagkakataon ay epektibo ang mga katagang iyon na binibitawan ng mga ikinakasal.

Ibinalik niya ang isip sa kasalukuyan. Sa

pagkakataong iyon ay kailangan na niyang maniwala na ang kasal ay sagrado, lalo kung ang ikakasal ay totoong nagmamahalan.

Napakislot siya nang biglang may kumatok sa pinto. “Come in,” aniya.

Bumukas ang pinto at pumasok si Elaine. Hindi maganda ang aura nito.

“Ano’ng problema?” tanong ni Aubrey.

“Nag-cancel po ng reservation ang client na sana ay magho-hold ng debut sa resort natin. ’Yong anak po ng gobernador ng Zambales. Bigla daw kasing nagbago ang isip ng celebrant, mas gusto na niya ang venue sa kabila. Pati po ang client na nag-inquire dati na ikakasal ay nakita ko na naroon sa *Ocean Paradise Resort*,” sumbong ni Elaine.

Mariing nagtagis ang bagang niya. Kahit maglupasay siya ay hindi niya mababawi ang nawalang kliyente nila.

“Ano ba’ng meron sa resort na iyon, bakit gustung-gusto ng mga tao? Hindi naman ’yan napapansin dati!” maktol niya.

“Base po sa survey namin, maimpluwensya raw po ang may-ari. Marami siyang kakilalang businessmen dito sa lugar, maging sa Olongapo at Subic Bay, lalo na mga Korean national. Meron na

rin po silang conference facilities.”

“Kainis! Sino ba kasi ang may-ari? Naghahari na mga singkit sa lugar natin, halos lahat ng business owners dito ay mga Korean. Kawawa naman ang maliliit na negosyante na gustong makilala sa sariling lugar. Hay! Ang laki talaga ng nagagawa ng pera.”

“Ang alam ko, hindi naglalagi ang may-ari sa resort. Ang manager lang niya na Korean-Filipino ang naroon.”

“Oo nga, alam ko.”

“Nakilala n’yo na po ba ang manager ng kalabang resort?”

Tinitigan niya nang derecho si Elaine. “Oo. Nakilala ko siya noong nag-espiya ako sa kanila. Kailangang may gawin tayo para bumalik sa atin ang mga kliyente natin. Hindi puwedeng magpatuloy ito,” aniya.

“Ginawa naman po natin lahat. Sa palagay ko po, kailangan nating magbaba ng rate. Sa lahat po kasi ng mga accommodation, tayo ang pinakamataas.”

“Ano? Hindi tayo puwedeng magbaba ng rate! Peak season na. Isa pa, sa simula pa lang ay ganoon na ang rate natin!” hasik ni Aubrey.

“Pero iyon na lang po ang tanging option.

May mga tao kasi na praktikal sa pagpili ng accommodations. Kahit hindi masyadong maganda, basta mura ay pinapatos nila. Wala na po tayong choice kundi magpakumbaba kaysa mawalan tayo ng kita. Maraming choices ang mga tao kaya hindi tayo kawalan sa kanila. Tayo ang nangangailangan kaya dapat mag-adjust din tayo. Hindi naman po natin ito ikalulugi, ma'am."

Naipon ang inis sa kanyang dibdib. "Give me time to decide, Elaine. Iwan mo muna ako," aniya.

"Okay po." Umalis na si Elaine.

Nilamukos niya ang pinunit niyang isang pahina sa logbook, saka inihagis sa basurahan. Ilang araw na niyang isinusulat ang checklist niya para sa resort, pero hindi siya komportable. Hindi na niya alam kung ano ang gagawin. Nilalamon na siya ng kanyang insecurities.

Kinabukasan, maaga siyang nagising at nag-jogging. Pabalik-balik siya sa tapat ng kalabang resort at nagmamanman. Napansin niya na mayroon na ring campsite ang kalaban malapit sa dagat, sa maluwag na espasyo na natatamnan ng maraming fire tree.

Naisip ni Aubrey. Hindi niya malalaman ang sitwasyon sa kampo ng kalaban kung pasilip-silip

lang siya sa labas, kailangang makapag-stay siya sa loob. Kailangan niyang malaman kung ano ba ang sekreto ng mga ito, bakit instant ang pag-angat ng mga ito. Baka may anomalyang nangyayari sa operation ng mga ito.

“Hindi kaya may illegal drugs session na nangyayari sa loob? O baka meron na ring bentahan ng laman,” pagdududa niya habang nakatayo sa tapat ng campsite.

Nang makita niya si Henry sa tabi ng heart-shaped na swimming pool na may kausap na Korean national ay dagli siyang tumakbo pabalik ng resort niya. Nakaisip na siya ng paraan kung paano makapasok ulit sa area ng kalaban.

Pagkapasok niya sa opisina ay kinausap niya si Elaine.

“Mawawala ako nang one week,” aniya.

“Saan po kayo pupunta?”

“Sa *Ocean Paradise*.”

“Ho?”

“Yes. Doon muna ako nang at least five days. Tatawagan ko si Adrian na puntahan ako roon bago siya umalis. Pakisabi sa mga staff na pagbutihin nila ang trabaho. Okay?” bilin niya.

“Pero ano naman po ang gagawin ninyo sa

kalabang resort?” nag-aalalang tanong ni Elaine.

“Mag-iimbestiga ako. Malakas ang kutob ko na may ilegal na nangyayari sa loob n’un. Kaduda-duda kasi. Tuwing weekend, ang daming pumapasok na sasakyan sa kanila at madalas, gabi pa dumarating at sunud-sunod. Tawagan mo lang ako kapag may problema.”

“Yes, ma’am.”

“Ikaw na rin ang dumalo sa mga seminars at meeting. Sabihin mo, busy ko.”

“Okay.”

“Sige na. Mag-eempake pa ako.”

Umalis na si Elaine.

Pagkatapos niyang kumain ng tanghalian, nag-eempake na siya ng gamit na dadalhin. May tiwala siya kay Elaine at sa ibang staff niya. Mas madalas ngang isang buwan siyang wala sa resort para lang mag-explore sa ibang lugar at kumuha ng mga ideya sa ibang resort.



Kinabukasan, alas dos ng hapon pumasok si Aubrey sa kalabang resort. Binago niya ang anyo—pinagupitan niya hanggang balikang buhok saka pinakulayan ng itim, manipis na makeup lang ang inilagay niya sa kanyang mukha, at flat sandals lang



ang sapin sa mga paa. Nagsuot siya ng bughaw na blouse at puting maong na pantalon na hapit sa kanya. Hila-hila niya ang kanyang maleta habang patungo sa front desk.

Huminto siya sa gitna ng lobby nang mamataan si Henry na naroon at kausap ang isang lalaking Korean national na siguro ay guest din ng mga ito. Isinuot niya ang sunglasses, saka umupo muna sa sofa, habang hinihintay na makaalis ang lalaki. Umalis na ang Korean, pero naroon pa rin si Henry.

Hindi na siya makapaghintay. Imposibleng makilala siya nito. Lumapit siya sa front desk. Kausap ni Henry ang babaeng receptionist, kaya iyong receptionist ang kinausap niya.

“Good morning, ma’am! Welcome to *Ocean Paradise Resort*! Are you looking for room accommodation, ma’am?” nakangiting bungad sa kanya ng guwapong receptionist.

“Uh, yes. Do you have any promo for couple? For at least one week stay?” aniya.

“Yes, ma’am. We have, but good for three days only, as low as twelve thousand pesos with free breakfast, pool access, and *WiFi*.”

“O, hindi ba puwedeng five days kahit magdagdag ng payment?” sabi niya.

---

“Puwede po kayong mag-extend but it will be charged in regular rate, ma’am.”

“Oh, sayang. Plano ko pa naman sanang mag-extend after five days if discounted,” aniya.

“Bigyan mo siya ng discount card na nakapangalan sa akin, Ken,” biglang singit ni Henry.

Awtomatikong hinarap ni Aubrey ang lalaki, pero hindi niya inalis ang sunglasses niya.

## CHAPTER *Four*

**P**ilyang ngumiti si Aubrey habang pasimpleng tinitingnan si Henry na pumipirma sa discount card para sa kanya.

Hindi siya nagtataka kung bakit dinudumog ang accommodation ng *Ocean Paradise*; masyadong mabait at mapagbigay iyong manager.

Nang makapagbayad ay akmang kukunin niya ang kanyang maleta ngunit naunahan siya ni Henry.

“Ako na ang maghahatid sa kanya,” apila nito.

“Uh, wait. No need. Hindi ’ata tama na manager ang maghahatid ng guest sa room,” hindi napigil na sabi niya.

Huminto sa paghakbang si Henry. “Paano mo nalamang manager ako?” tanong nito.

“Uh... obvious kasi,” balisang sagot ni Aubrey habang pilit iniiba ang timbre ng boses.

Ngumiti ang dating asawa niya. “Nice. This way, please,” anito saka nagpatiuang naglakad habang hila-hila ang maleta niya.

Kinakabahan si Aubrey. Nasa second floor lang ang kuwartong nirentahan niya kaya hindi na sila gumamit ng elevator. Habang naglalakad sa pasilyo ay pinasadahan niya ng tingin si Henry, suot ang puting polo shirt at itim na pantalong maong. Nang huminto ito sa tapat ng Room 8 ay huminto rin siya. Hawak nito ang susi pero hindi pa nito binubuksan ang pinto.

“Ano ba talaga ang trabaho mo? Sales agent? Resort explorer? Or spy?” usisa ni Henry na bumasag sa katahimikan.

Pakiramdam niya ay may bumara sa kanyang lalamunan. Nakilala pa rin pala siya nito. Nang humarap ito sa kanya ay lalong kumabog ang dibdib niya. Inalis ni Aubrey ang kanyang sunglasses saka isinabit sa neckline ng blouse niya. Bumuntong-hininga siya. Nagpumilit siyang ngumiti.

“Huwag mong piliting ngumiti, para kang sira,” sabi nito.

Mabilis na napalis ang ngiti niya. “I’m just here

for vacation,” sagot niya.

“Last week sa kabilang resort ka naka-check-in, di ba?”

“Uhm, oo. Mas expensive kasi ang accommodation nila. Nandito ako para mag-aral ng surfing. Balita ko mas magagaling daw ang surfing instructors dito,” aniya.

“Yes, and I’m one of them.”

“Really? Hindi mo nabanggit sa akin na magaling kang surfer.”

“You never asked me about my hobby before. Bata pa lang ako, natuto na akong mag-surfing. Gawain namin iyon ni Dad sa tuwing weekend sa Olongapo. Pero pag-uwi namin ng Korea ay limited na ang time namin ni Dad para mag-surfing. Busy na kasi siya sa business at naka-focus ako sa pag-aaral sa college. Kaya madalas, mag-isa na lang akong nagsu-surfing. Kapag nagbabakasyon lang kami rito sa Pilipinas, saka lang ulit kami nakakapag-surfing nang magkasama,” kuwento nito.

“Gan’on ba? Anyway, thanks for the discount,” aniya pagkuwan.

“Pero ang kinuha mong promo ay para lang sa couple. Bakit wala kang kasama?” usisa nito.

Ipinakita niya rito ang singsing sa kaliwang

kamay niya. Mabilis iyong nahagip ng paningin nito.

“I’m engaged. Nasa Palawan pa ang fiancé ko, pero susunod din siya rito pagkatapos ng appointment niya,” pagyayabang niya.

Ibinalik nito ang tingin sa kanyang mukha. Matipid itong ngumiti. Naging uneasy ito at panay ang buntong-hininga.

“That’s good for you. Congrats,” kaswal na bati ni Henry.

“Thanks. What about you? How’s your married life?” tanong niya sabay sipat sa kaliwang kamay ng lalaki. Walang nakasuot na singsing alinman sa daliri nito.

Ngumisi ito. “Hindi na ako ikinasal ulit,” deretsong sagot ng kausap.

Nawindang si Aubrey. Ang buong akala niya ay ikinasal na ito sa long-time girlfriend nito na gusto nitong pakasalan sana, kung hindi siya dumating sa buhay nito.

“Ano’ng nangyari sa girlfriend mo?” usisa niya.

“Nakipaghiwalay siya sa akin isang buwan pagkatapos ng kasal natin. Nagpakasal na rin siya sa iba,” malungkot na tugon nito.

“Hindi mo ba sinabi sa kanya na divorced na tayo?”

Hindi kaagad nakaimik si Henry. Halata sa mukha nito ang pagkabalisa. “Ang totoo...”

“Excuse me, sir,” apila ng kararating na lalaki na pumutol sa sasabihin ni Henry.

Binuksan na ng dating asawa ang kuwarta niya, saka ibinigay sa kanya ang susi. “Enjoy your vacation,” nakangiting paalam nito saka siya iniwan.

Pumasok na si Aubrey. Maluwag ang kuwarta. King-sized ang kama at mayroong mini-sala at mini-dining area. May sarili rin itong toilet at bathroom na mayroong jacuzzi. Hinawi niya ang makapal na light blue na kurtina. Natatanaw mula sa nag-iisang bintana ang karagatan. May sariling terrace ang kuwarta kung saan puwedeng tumambay at manood ng paglubog ng araw.

Nakuha lang ni Aubrey nang twelve thousand ang kuwarta para sa limang araw na pananatili. Kapag daw mag-e-extend siya ay mayroon siyang twenty percent discount. Napakabait talaga ni Henry. Naisip niya tuloy, kung ganoon si Henry sa lahat ng guests, siguradong malulugi ang resort. O baka naman sa kanya lang nito ginawa iyon?

Bakit naman niya gagawin iyon?

Nagdududa na talaga si Aubrey. Hindi pa rin siya kumbinsido na mas pinili ni Henry na magtrabaho

sa Pilipinas, tapos isang manager pa sa resort? Kung tutuusin, maraming mas malalaking kompanya sa Korea na puwede nitong mapasukan.

Isa pa, ano ang nangyari sa business nito? Imposibleng basta iyong bumagsak o kaya ay ibenta. Hindi kaya may iba pa itong pakay?

Hindi siya mapakali. Kung may iba man itong pakay kaya ito biglang umuwi ng Pilipinas, malamang hindi siya iyon.

“Baka gusto niyang bawiin ang singsing,” nahihibang na sabi niya sa sarili habang nakaluklok siya sa inidoro at nagbabawas. “Pero imposible, eh. Barya lang sa kanya ang halaga ng singsing na iyon. Kahit hindi siya magtrabaho, kaya siyang buhayin ng mga ari-arian na mana niya sa papa niya. Ang weird, eh. Marami namang mas bigating resort sa Subic Bay at Olongapo, bakit kaya dito pa sa *Ocean Paradise* niya napiling magtrabaho? Hindi kaya...”

Kung anu-ano na ang pumapasok sa isip ni Aubrey. “Hindi kaya siya ang may-ari ng resort na ito at nagkukunwari lang na manager?” hula niya.

Naghugas na siya at pinaliguan ng alcohol ang mga kamay. Iwinaksi niya ang mga naisip.

“Bakit ko ba siya pinag-aaksayahan ng panahon para isipin? Hindi siya ang ipinunta ko rito.



Kailangan kong malaman kung ano ang meron sa resort na ito,” sabi niya.

Nagbihis na si Aubrey ng pink sleeveless top at maikling puting maong pants. Nakahantad ang kalahati ng makikinis niyang hita.

Lumabas siya para maghapunan dala ang kanyang laptop. Tumambay siya sa restaurant. Inokupa niya ang mesang pangdalawahan malapit sa pinto. Binuksan niya ang laptop niya. Marami nang mensahe sa kanya si Adrian sa *Messenger*. Nakita niya ang mga posts nito na naka-tag sa kanya.

Naiinggit siya. May group picture si Adrian kasama ang mga artista na nagte-taping sa resort nito sa Palawan. Naalala na naman niya ang sinabi nito noon bago ito nag-propose sa kanya.

*“Hindi magtatagal ay ikaw rin ang makikinabang sa lahat ng meron ako.”*

Napangiti si Aubrey. Napakasuwerte niya kay Adrian. Ito lang ang lalaking nagmahal sa kanya nang buong puso.

Mayamaya ay dumating na ang order niyang pagkain. Nag-open ng video call si Adrian. Sinagot niya iyon kaagad.

*“Hi, babe! Ano’yong sinabi mo na naka-check-in ka sa *Ocean Paradise?*”* sabi nito.

“Oo. Gusto ko lang ma-try ang services nila. Kailan ka ba pupunta rito?”

“Kailangan ko pang mag-stay rito nang two days. Marami pa kasi akong pipirmahang papeles. Pupunta rin akong Cebu bago dederecho d’yan. Huwag kang mag-alala, pupuntahan kita.”

“Promise?”

“Promise. I’ll call you later. May kakausapin pa kasi akong kliyente.”

“Okay.”

“Mag-dinner ka na. I love you.”

“I love you, too.”

Pinutol na nito ang linya.

Itinabi muna ni Aubrey ang kanyang laptop saka siya kumain. Nakakatatlong subo pa lamang siya nang makita niya si Henry na pumasok at may kasamang matangkad at magandang babae. Maputi ang babae at halatang may lahing banyaga dahil sa kulay ng balat nito. Pumuwesto pa ang mga ito sa mesa sa unahan niya. Iyon lang kasi ang bakante.

Nagpatuloy siya sa pagsubo. Mula sa kanyang puwesto ay naririnig niya ang usapan ng dalawa. Tagalog ang lengguwahe ng babae, pero halatang anak-mayaman ito dahil sa pananamit nito at mga alahas.

“Gusto ng dad ko ang place na ito para mag-celebrate ng silver birthday ko. Gusto naman ng mom ko sa Maynila. Ano ba ang maio-offer mo sa aking package?” sabi ng babae.

“Beach party ang gusto mo, di ba? Para hindi hassle, kami na ang bahala sa lahat ng kailangan ninyo—from accommodation, food, cake, banda, etc. Ang kailangan lang ninyong dalhin ay ang mga sarili ninyo. Mayroon din kaming on-call make-up artist at fashion designer. Open naman kami for suggestion,” sagot ni Henry.

“Thank you. Discounted ba kami?”

“Oo naman. Matagal na naging kasosyo ni Dad ang daddy mo sa heavy equipment auction niya. Actually, na-meet ko na ang dad mo sa Korea noon.”

“Talaga? Sayang nga, ikinasal ka na noong nalaman ni Dad na naghahanap ang daddy mo ng magiging manugang. So, how’s you married life now?”

Nagpanting ang tainga ni Aubrey. Wala pang isang dipa ang pagitan ng mesa ng mga ito sa kinaroroonan niya kaya dinig na dinig niya ang pinag-uusapan ng mga ito.

Nang sipatin niya ang dalawa ay namataan niyang nakatingin sa kanya si Henry. Biglang

sumikdo ang puso niya nang magtama ang mga paningin nila. Hindi niya iyon inaasahan.

Kumislot siya nang biglang tumunog ang kanyang cellphone. Dagli niya iyong dinampot at sinagot nang malamang si Adrian ang tumatawag.

“Yes, babe? Nagdi-dinner na ako. Ikaw, nag-dinner ka na ba?” sabi niya ngunit naibalik niya ang tingin kay Henry. Nakatingin pa rin ito sa kanya at tila nakikinig.

“Hindi pa. Ano’ng kinakain mo?” sagot ni Adrian mula sa kabilang linya.

“Uh, beef steak and rice,” sagot niya.

“Akala ko ba ayaw mo na ng meat? Para saan pa’t nagda-diet ka?”

“Minsan lang naman, eh. Masarap kasi ang steak nila. Kailan ka ba pupunta rito? Miss na kita,” sabi ni Aubrey.

Napansin niya na ibinalik ni Henry ang tingin sa babaeng kausap nito.

“Sinabi ko na sa ’yo, di ba? Huwag kang magpupuyat,” pagalit kunwari ni Adrian.

“Okay. Ikaw rin. Ang bongga ng mga guest mo, ah.”

“Oo. Aabutin pa ng isang buwan ang taping ng mga artista rito. Sayang nga, dapat nandito ka rin.”

“Hay, mai-insecure na naman ako. Congrats, babe.”

“Congrats sa atin. Suwerte talaga ang pagdating mo sa buhay ko. Naging sunud-sunod ang blessings ko.”

“Sus. Dahil ’yan sa sipag mo. Ako ang masuwerte sa ’yo. Keep it up, babe. I’m so proud of you.”

“Thanks. Don’t worry, kapag kasal na tayo, magfo-focus na ako sa business natin at pamilya. Hindi mo na kailangang magpakahirap sa business mo.”

Hindi na masyadong naintindihan ni Aubrey ang mga sinasabi ni Adrian nang mapako ang paningin niya kay Henry, na noo’y nakatitig sa kanya. Para siyang hinihila na tumingin dito at nawawala sa tamang huwisyo ang isip niya. Ang mga mata nitong may almond shape at kulay abuhin ay hindi niya maiwasan noon. Sa tuwing matitigan niya ang mga matang iyon ay para siyang nakalutang sa ulap at idinuduyan ng malamyos na hangin.

“Babe? Nariyan ka pa ba?” untag ni Adrian mula sa kabilang linya.

Kumislot siya. Natatarantang ibinalik niya ang tingin sa kanyang pagkain.

“Mr. Park? Are you alright?” narinig niyang

tanong ng babae kay Henry.

Natigilan si Aubrey. Pasimpleng sinipat niya ang dating asawa, kausap na nito ang babae.

“Babe, yes. Kumakain kasi ako,” turan niya kay Adrian.

“Sige, kumain ka na muna. Tatawag na lang ako ulit,” sabi na lang ng nobyo. Naputol na ang linya.

Inubos na lamang niya ang kanyang pagkain, saka nagbayad. Pagkuwan ay bumalik siya sa kanyang kuwarto, dala ang isang baso ng cocktail.



Kinaumagahan, nagising nang maaga si Aubrey para mag-jogging. Suot niya ay itim na cycling shorts at sleeveless shirt na hapit sa kanyang katawan at labas ang kanyang pusod. Inisang tali niya ang kanyang buhok. Pabalik-balik lang siya sa tabing-dagat katapat ng resort.

Nang mapagod ay nagtungo siya sa coffeeshop at pumuwesto sa mesa na nasa labas. Nagpupunas siya ng pawis gamit ang kanyang bimpo nang may lumapit na waiter.

“Good morning, ma’am! Hot chocolate for you,” nakangiting bati nito saka iniwan sa mesa niya ang nakatasang hot chocolate na may nakadikit na sticky note.

Kinuha niya ang sticky note saka binasa ang nakasulat.

*Someone can stay in your heart but not in your life. Have a nice morning!*

*~ From: Mr. Park*

Idinikit niya ang papel sa mesa saka dahan-dahang hinigop ang mainit na tsokolate. Hindi niya maintindihan kung bakit apektado siya sa mensahe ng sulat. Bumuntong-hininga siya.

Nang maubos ang inumin ay bumalik si Aubrey sa dalampasigan at tumakbo pabalik-balik.

Hindi niya maiwasang isipin si Henry. Hindi niya dapat ini-entertain ang lalaking wala nang kaugnayan sa buhay niya. Isa na lamang itong parte ng nakaraan.

Nang makaramdam ng gutom ay nagtungo siya sa restaurant at nag-almusal. Pagkatapos niyon ay kailangan niyang mag-explore sa resort para malaman kung ano pa ang mga activity roon. Hindi puwedeng tumunganga lang siya at magsayang ng pera. Naroon siya para mag-espiya, hindi para magpakasarp.

Pagkatapos ng almusal ay nagtungo si Aubrey

sa sports club ng resort. Mayroong billiard at table tennis sa loob. Nilibot niya ang lugar hanggang sa nakarating siya sa counter kung saan puwedeng mag-rent ng surf board at iba pang gamit na puwedeng gamitin sa dagat.

Aalis na sana siya sa lugar na iyon ngunit isang tinig ang pumigil sa kanya.

“Aubrey,” tawag ni Henry.

Nag-aalangan siyang lingunin ito.

“Naghahanap ka ba ang surf board?” tanong nito.

Naalala niya. Nagsinungaling nga pala siya rito at sinabing mag-aaral siya ng surfing. Hinarap niya ang lalaki. Ngunit sa pagharap niya rito ay napako ang paningin niya sa hubad-baro nitong katawan. Tanging itim na boxers lamang ang suot ng dating asawa at may nakaipit na itim na surf board sa kaliwang braso nito.

Pakiramdam ni Aubrey ay may kung anong nakabara sa kanyang lalamunan at hindi niya magawang magsalita. Naglalakbay lamang ang paningin niya sa makisig nitong katawan. Nasorpresa siya. Biglang tinubuan ng muscles ang katawan nito na noon ay flat at payat. Nilalait niya pa nga ito noon na kawayan na sinuotan ng damit. Ang flat nitong



tiyan ay may six-pack abs na ngayon. Hitik din sa muscles ang mga braso at hita nito.

“Hey! Are you okay?” untag ni Henry.

Kumislot siya. Awtomatikong naitutok niya ang paningin sa mukha nito. “Uh... yeah,” balisang sagot niya.

“So, ready ka nang matutong mag-surf?” nakangiting tanong nito.

Para siyang robot na walang nagawa kundi sumunod. Tumango siya.

Lagot na. Wala siyang kahilig-hilig sa surfing at lalong ayaw niya iyong matutunan dahil natatakot siya sa malalaking alon.

Bahala na si *Superman*.

Kinakabahan si Aubrey nang sumakay na sila ni Henry sa surf board. May hawak siyang tali na nakatali sa speed boat. Nakaalalay sa kanya si Henry sa kanyang likuran.

“Basic lang ito. Kailangan mo munang matutunan kung paano sabayan ang alon. Hindi puwedeng sasalubong ka sa alon kung hindi mo kayang iangat ang sarili mo kasama ang surf board dahil kung alanganin ang talon mo ay lalamunin ka ng alon. Mga professionals lang ang gumagawa ng ganoon,” sabi nito.

Nang umandar na ang speed boat na humihila sa kanila ay humawak na rin sa mga kamay niya si Henry. Nang dumaiti ang dibdib nito sa likod niya at nakulong siya ng mga bisig nito ay unti-unting naglalaho ang kanyang kaba.

“Okay. Relax and enjoy the waves!” anito.

Unti-unti na silang kinukuyod ng speed boat. Bumalik ang kaba ni Aubrey nang papalapit na sila sa malalaking alon.

“Hindi ito basic, Henry! Dapat doon lang tayo sa pampang!” reklamo niya.

“Akala ko ba nakapagsanay ka na sa kabila? Dapat natuto ka na,” sabi nito.

Naramdaman niya ang mainit na hininga nito na bumubuga sa batok niya. Mabilis masyado ang takbo ng speed boat. Naiinis na siya. Wala siyang ginawa kundi tumili.

“Harapin mo ang takot mo, Aubrey! Ito ang kailangan mong matutunan. Kailangan mo munang alisin ang takot mo bago mo simulan ang gawaing ito. Hold on!”

“Tama na!” sigaw niya.

“Wooh! Ang sarap, di ba?” sabi pa nito.

“Sh\*t! Ayaw ko na!” Tumili na naman siya. Pakiramdam niya ay mahihiwalay ang kaluluwa niya

sa kanyang katawan.

Lumuwag ang pagkakahawak niya sa tali. Mabuti at naagapan iyon ni Henry. Ngunit dahil sa pagsalba nito sa tali ay humigpit pa ang pagkulong nito sa katawan niya. Ang kanyang kaba ay nahalinhan ng silakbo. Naramdaman niya ang pagdaiti ng pisngi nito sa leeg niya.

“Okay ba?” tanong pa ng dating asawa.

Bahagya siyang nag-angat ng mukha ngunit bigla rin itong yumuko at tiningnan ang mukha niya. Sinalubong niya ang paningin nito. Natigilan siya nang mamalayang ga-daliri na lamang ang pagitan ng mga mukha nila. Ang ngiti nito ay unti-unting tumatabang.

“Sana nagpakatotoo ako noon,” sabi nito.

Narinig niya iyon ngunit nagbingi-bingihan siya. “Ano ba ang pinagsasabi mo?”

Mamaya ay bigla silang binundol ng malaking alon. Naalog nang husto ang sinasakyan nilang surf board kaya sumagad ang mukha nito sa mukha niya at aksidenteng naglapat ang kanilang mga labi. Bigla ring bumilis ang speed boat at nadulas sa kamay ni Henry ang tali. Humiwalay sila sa speed boat at binayo pa sila ng alon.

“Henry!” sigaw niya nang tumalsik siya.

Nilamon ng takot ang kanyang puso.

Pilit siyang inaabot ni Henry pero dulo lang ng mga daliri niya ang nahawakan nito. Tuluyan siyang nilamon ng tubig.